

# 1

“Ma, malapit na akong matapos!” ani Cal, isang 17-year old Senior High student, habang dinidiligan ang mga tanim na tulips ng ina.

“Okay, anak, pero hurry up for breakfast!” malakas ngunit malambing nitong sagot buhat sa kusina.

Ilang saglit ay pinatay niya ang gripo. Napangiti siya nang makitang naglalaro ang sari-saring paruparo sa paligid ng mga tulips. He smiled. Watching God’s creations really fascinated him very much.

*Kung puwede ko lang kayong ikulong at dalhin sa kuwarto upang pagmasdan buong maghapon, naisip niya.*

Mayamaya ay nagsimula na siyang magligpit ng ginamit na hose.

*Kailangan ko pang tawagan si Ate Angie, pati na ang resort, takbo ng kanyang isipan habang nililigpit ang hawak. Kaarawan kasi ng kanyang ina at balak nilang surpresahin ito.*

Matapos mailagay ang hose sa tabi ng gripo, tumayo siya, pinaraan ang mga daliri sa makapal na buhok saka pinagmasdan ang paligid. Nalanghap niya ang mabangong samyo ng bermuda grass na katatabas lang niya. It had a calming effect on him.

Napatingin naman siya sa asul na langit at napangiti. Kakambal kasi ng kulay niyon ang kulay ng kanyang mga mata, thanks to his Half-British, half-Filipino dad.

Huminga si Cal nang malalim para ma-enjoy ang preskong hangin. Minsan lang niya kasi magawa iyon dahil sa busy class schedules niya. Buti na lang he had time to slow down this time!

Papasok na sana siya sa bahay but his eyes suddenly widened in surprise. Isang babae ang nakita niyang papalapit sa kanya.

“Hi!” nakangiting bati ng matabang babaeng teenager na nakasakay sa bisikleta nito.

“Hi!” nakangiting tugon niya sa kanyang chubby schoolmate. He was one year ahead of her. “Dito ka rin pala sa subdivision nakatira... umm...” He didn’t know her name.

“My name is Grace,” sagot nito na lumawak ang ngiti dahil sa kanyang pag-aalangan. “Ah hindi,” natatawang tanggi nito sa huling sinabi niya, “I’m here with my best friend. Siya ang nakatira dito. Saglit lang, ipapakilala ko siya sa iyo!” anito saka lumingon sa likuran upang hanapin ang kasama.

“Cal, hindi ka pa ba tapos?” It was his mom. Napalingon siya sa bandang kusina.

“Saglit lang, Ma. May kinakausap lang ako!”

Bumaling siya muli upang kausapin ang kaharap, iyon nga

lang biglang umurong ang kanyang dila. Rinig niya ang lakas ng tibok ng kanyang puso, a result of gazing into a beautiful pair of doe eyes.

“Kaibigan ko, si Shea Oxales,” introduce ni Grace. Palihim na napangiti ang estranghera dahil sa kanyang tuod na reaksyon. Na-imprint naman sa kaluluwa niya ang two-syllable sound ng pangalan nito.

“Hi!” Maikli lang ang sinabi ni Shea but it echoed sweetly in his ears. “And you are?”

“Cal Stewart! P’asok ka dito dali!” tili naman ng kanyang ina. Hindi nakalampas sa mga paningin ng mga ito ang pamumula ng kanyang mukha bago siya lumingon sa kanilang bahay.

“I’m coming!” Nahalata ng dalawa ang tono niya na may panghihinayang. He was sort of embarrassed nang muling hinarap ang mga ito. “My name is—”

“Cal, Cal Stewart,” pagtatapos ng magandang si Shea. “Narinig namin ang mommy mo,” anitong napangiti.

“Cal! Cal, da—”

“Pasensya na, but I really have to go.” Halata sa boses niya na gusto pa niya sanang magtagal doon. Sino ba ang ayaw, kung malalaman mong malapit lang ang bahay ng babaeng matagal mo nang hinahangaan at crush sa high school.

“Okay lang, naiintindihan namin,” ani Grace pero hindi

niya na iyon narinig dahil hindi siya makahinto sa pagtitig sa magandang mukha ni Shea, at ganoon din ito sa kanya.

*Watching God's creations is so exhilarating!* aniya sa sarili na lihim na napangiti pagkatapos ay nagpaalam na siya.

---

“Paano ’yan, bro, I need to leave na!” paalam ng kanyang kapatid na si Angie nang Miyerkules na iyon. Sinorpresa nito ang kanilang ina nang nakaraang Sabado sa pamamagitan ng pagdating nang maaga. Kaya naman napasigaw ang ginang sa gulat, lalo na noong makita nito ang biglang pasok ng ate niya sa kitchen door nila.

“Sis, I’m going to miss you again. Kailan ka ulit dadalaw dito?” His voice was a little sad. Lumaki kasi silang close sa isa’t isa.

“Don’t worry, once umuwi si Dad from Britain dadalaw ulit ako,” promise nito.

“What? Eh, di matatagalan pa iyon!” lukot ang mukha niyang reklamo. Hiwalay na kasi ang kanyang mga magulang, pero dahil sa biglaang pagkakasakit ng paborito niyang lola sa Britain ay medyo nag-iba ang ihip ng hangin. Parati nang tumatawag sa kanila ang ama.

“Well, maybe if you decide to have a girlfriend before you graduate from high school, mas mapapaaga ako ng uwi,” joke

nito.

“Naku, matagal pa ’yun,” mabilis na sagot ni Cal.

“Alam mo, mukhang baligtad talaga tayo ng personality. Masyado kang mabagal, di tulad ko,” proud nitong sambit.

Totoo naman kasi iyon. Kung sino pa ang babae, siya pang marami nang naging karelasyon samantalang siya, isa lang ang naging girlfriend. Ang mas masama pa, ni hindi iyon nagtagal. Pero alam ni Angie na malapit nang mag-iba ang ihip ng hangin base sa kislap ng kanyang mga mata sa tuwing pumapasok siya sa school nitong nakakaraang mga araw.

Matapos itong magpaalam ay dumeretso na siya sa school. Nang makita niya ang pagdating ni Shea, his heart beat erratically. Paglapit nito sa kanya, saglit silang nag-usap. Kahit na saglit lang iyon, it meant a lot to him. And because of that short talk, he was very enthusiastic until he went home that afternoon. Paano kasi parang sirang plaka na nagpaulit-ulit lang sa imahen niya ang conversation nila noong maaga pa.

Kinagabihan habang nag-aaral siya para sa paparating na midterm exam, hindi mapigilan ni Cal na mapangiti habang nakatingin sa ceiling ng kanyang kuwarto. Eversince he started high school, crush na niya si Shea. But he never got the chance to speak with her. Una, dahil sobra siyang mahiyain. Pangalawa, dahil magkaiba sila ng section. She was in the first and he belonged to the second. Pangatlo, wala siyang lakas-loob na

mapahiya, payatot kasi siya dati. Simple rin lang siyang manamit, kumpara sa mga manliligaw nito.

Salamat na lang kay Miss Evolution—a.k.a. his sister—nag-iba ang takbo ng kanyang isip. Because of her sense of fashion, she became his adviser.

*“Kung gusto mong mapansin niya, kailangan mong mag-aral mabuti, lalo na’t A student siya. Kailangan mo ring mag-work out paminsan-minsan para naman hindi ka mapagkamalang lamp post stalker niya,”* advice nito noon.

As a result, naging pansinin si Cal sa campus. Nag-metamorphosis kasi siya into a smart, outgoing and good-looking guy. Pero kahit na ganoon ang nangyari, wala nang ibang mas importante para sa kanya maliban sa hiling niyang malaman ni Shea na nag-e-exist siya.

He was happy because he got his wish! And to think, it happened a few months before the beginning of their last year in high school.

---

Mula noong Sabado na nakita ni Cal si Shea na nagba-bike sa palibot ng neighborhood nila, mas dumami ang kanyang pagkakataon para makausap ang magandang dalaga. Dahil sa bagong nakuhang inner confidence, dinalasan niya ang paglapit sa babae, lalo na sa school, kung saan madalas niya itong nakikita.

Kanina pa nakaupo si Cal habang nanonood ng volleyball game sa may campus. It was already 5:30 p.m. His class had ended thirty minutes ago. Kahit na marami pa siyang research na gagawin, he decided to stay for a while. The mere presence of the girl who was serving the ball seemed to draw him to stay longer, si Shea.

He didn't know why but everytime she was around, parang may *Energizer* battery ang kanyang isipan, kung kaya saan-saan siya tuloy nakakarating kasama iyon. Well, that's probably normal especially because he's a young teen in love.

Enjoy na enjoy ni Cal ang panonood sa balingkinitang dalaga na parang isang usa sa bilis nitong kumilos at humampas ng bola. Kaya kasi nitong maging sporty at demure at the same time.

Matapos ang isang oras, nagsigawan bigla ang mga estudyante at nagpalakpakan. Tapos na ang laro. Hindi na siya nagtaka kung sino ang nanalo, walang iba kundi ang team ni Shea. Thanks to her skill.

Gustuhin man niyang makisaya at lapitan ito, hindi puwede. Una, dahil baka maasiwa ang dalaga sa kanya. Oo, nakakausap niya si Shea, pero maiiksing usapan lang katulad ng: *Hi! How are you? Going to your next class? Magsasauli ka rin ng libro?* Kung may paraan nga lang sana, gusto niya ay mas lumawig pa roon ang pag-uusap nila pero hindi niya alam kung paano. Isa pa, sa ganda nito, naisip niyang siguradong may boyfriend na

ito. Ibig sabihin, kailangan niyang maging maingat kung hindi, baka magka-blackeye siya nang wala sa oras.

Lalakad na sana si Cal papalabas ng campus ngunit biglang may tumawag sa cellphone niya kaya huminto siya at sinagot iyon.

“Hi, sis! Missed me?” masayang bati niya. His eyes twinkled and a boyish grin flashed on his lips. “Ba’t ka napata—”

“Oh, my gosh! I’m so sorry!” Iyon ang narinig niyang sigaw mula sa kanyang likuran matapos tumalbog nang malakas ang bola ng volleyball sa kanyang ulo. Hindi na niya iyon pinansin dahil mas mahalaga kasi na masambot niya agad ang kanina ay nabitawan niyang cellphone. Kareregalo pa lang niyon ng kanyang ate.

Parang huminto ang lahat sa paligid, maliban sa puso ni Cal na ang bilis-bilis ng tibok. Parang nabasag ang kanyang puso sa milyong piraso nang makita niyang bumagsak sa palad ang kanyang precious cellphone.

Lalong lumakas ang tahap ng dibdib niya.

Well ganoon din siguro ang mangyayari sa kahit kanino kung makita mo na magkakawing-kawing ang mga bisig mo sa bisig ng crush mo!

Yep, the palm was not his but hers.

*As fast as a deer indeed!*



“Ma, hindi ako makikipag-date,” mariing tanggi ni Shea habang nakangiti. “I’m just going out to have lunch with a friend. After that, magre-research na ako sa public library,” malumanay niyang paliwanag sa kausap. Kanina pa siya nag-aayos sa harap ng salamin at sobra siyang nako-conscious.

Her mom looked dearly into her eyes and said something. “Shea, try to enjoy your date. Huwag mong masyadong alalahanin ang grades mo at iba pang mga problema,” anito sabay haplos ng kanyang pisngi.

Her mother knew she was being pressured a lot because she was an A student. Her mom was staring at the dark circles around her eyes. “I know you’re very smart. Malalagpasan mo rin ang lahat ng iyan. Tandaan mo, nandito lang ako lagi sa tabi mo, okay?”

“Thanks, Ma,” aniyang napayakap dito.

Mayamaya ay kumalas na siya at tuluyan nang nagpaalam.

Ilang minuto pagkatapos, narating ni Shea ang mall sa wakas. Kahit mag-isa lang siya, pakiramdam niya ay kasa-kasama niya si Cal. Paano, panay ang guwapong mukha nito ang sumusulpot sa kanyang isipan kahit saan siya tumingin. Mabuti na lang at hindi iyon nagtagal, salamat sa pagkalam ng kanyang sikmura. Sari-saring pagkain na tuloy ang umagaw-eksena sa isipan niya.

*When Love Stepped in - Asia Almar*

---

At least, that's good! Medyo kumalma na ang nerves niya habang papunta siya sa escalator.

*Ano ka ba naman, Shea, lunch date lang ito, hindi wedding proposal, sita niya sa sarili habang nagpalinga-linga sa paligid.*

Oo nga naman! It's only a lunch date with Cal—ang matangkad at payatot na binata na crush na niya mula pa noong freshman pa siya. Cal, the polite and kind man... who's standing in front of her now, giving out a heart-wrecking smile. At dahil doon, lumukso ang kanyang puso sa tuwa.